

Advisory Blg. 073, s. 2021
May 11, 2021

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013 ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001, ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal, at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan. (Bisitahin ang deped.im/ro8issuances)

PANAWAGAN SA ABSTRAK: UNANG PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA GINHAWA

Kalakip ay liham mula sa Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) hinggil Panawagan sa Abstrak: Unang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may petsang Mayo 10, 2021, na nag-aanyaya sa lahat ng mga mananaliksik at practitioner na magsumite ng kanilang abstrak sa isasagawang kauna-unahang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may temang "Ginhawa sa Panahon ng Pandemya: Pag-unawa at Pagtugon sa mga Hamong Dulot ng Pandemya" na gaganapin sa 1-3 Hulyo 2021.


Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa kalakip na poster at tuntunin.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Dahil sa ito ay isa lamang advisory, ang lahat na Pansangay na Tagapamanihala ay binibigyang kalayaan na magbigay nga karampatang pagdedesisyon ukol dito.

CLMD-DGA
DepEd RO8 ATA-F21 (CY2018-v03-r00)

18





Panawagan sa Abstrak: Unang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa

003367

PSSP <pssponline@gmail.com>

Bcc: region8@deped.gov.ph

OFFICE OF THE DIRECTOR IV
Date and Time Received: 10 MAY 2021 10:30 AM
Date and Time Released: 17 MAY 2021 10:00 AM
Signature: [Signature]

DEPARTMENT OF EDUCATION
FR, MAY 10 2021 4:53 PM
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. VIII

MAY 10 2021

Isang mainit na pagbati mula sa pamunuan ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)

Taon-taon, nagtataguyod ang PSSP ng mga gawaing naglalayong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang inter-disiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan. Katuwang ang UP Diliman Psychosocial Services (UPD PsycServ), isasagawa po ng PSSP ngayong taon ang kauna-unahang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may temang "**Ginhawa sa Panahon ng Pandemya: Pag-unawa at Pagtugon sa mga Hamong Dulot ng Pandemya**" na gaganapin sa 1-3 Hulyo 2021.

Sa loob ng isang taon, binago ng COVID-19 ang buhay at pamumuhay ng mga indibidwal, pamilya, komunidad, at lipunan sa buong mundo. Para sa ating mga Pilipino, patuloy ang hamon ng pakikibaka sa sakit na ito, pag-angkop sa mga hirap at suliraning dala nito, at paghahanap ng mga pagkakataong makaranas ng paglago sa gitna, at sa kabila, ng pandemya. Kailangan ang pagsasama-sama ng iba't ibang kadalubhasaan at pananaw sa pagbubuo ng "better normal" o bagong pamumuhay sa paraang aktibo at nakikilahok.

Layunin ng kumperensiyang ito ang magbigay ng pagkakataon para sa pagbabahagi ng mga pananaliksik at karanasang pang-praktika na may kinalaman sa: (i) pag-unawa sa karanasan ng pandemya para sa mga Pilipino, (ii) mga modelo at pamamaraan ng pagpapaigting ng nakagiginhawang pag-angkop at paglago sa iba't ibang aspeto ng buhay tulad ng sa sarili, pamilya, komunidad, at pinagratrabahuhan, at (iii) mga batayang panuntunan sa pangangalaga at pagsulong ng ginhawa sa panahon ng pandemya.

Inaanyayahan po ang lahat ng mga mananaliksik at mga practitioner na magsumite ng kanilang abstrak tungkol sa paksang ito. Ang mga papel ay maaaring kwantitatibo, kwalitatibo, teoretikal, kritikal na repleksyon, o rebyu. Para magsumite ng abstrak, tumungo lamang sa: bit.ly/GinhawaConferencePanawaganSaAbstrak. Maaaring magsumite ng kontribusyon hanggang **16 May 2021**.

Ang mga matatanggap na papel ay magkakaroon ng pagkakataong mailathala sa isang *special issue* ng Diwa E-journal tungkol sa napapanahong paksang ito.

Ang buong kumperensiya ay gaganapin on-line.

Aasahan namin ang inyong mga abstrak. Salamat sa patuloy na suporta sa mga gawain ng PSSP.

Dr. Danielle P. Ochoa
Prop. Argel Masanda
Mga Convenor

Dr. Violeta V. Bautista
Dr. Divine Love A. Salvador

DRD mark
5-10-21



Ginhawa sa Panahon ng Pandemya: Pag-unawa at Pagtugon sa mga Hamong Dulot ng Pandemya

PANAWAGAN SA ABSTRAK

Kauna-unahang Pambansang
Kumperensiya sa Ginhawa
hatid ng Pambansang Samahan sa
Sikolohiyang Pilipino at UPD PsycServ

Hulyo 1-3, 2021



Inaanyayahan ang lahat na magbahagi ng kanilang mga pananaliksik at karanasang pang-praktika na may kinalaman sa:

- pag-unawa sa karanasan ng pandemya para sa mga Pilipino
- mga modelo at pamamaraan ng pagpapaigting ng nakagiginhawang pag-angkop at paglago sa iba't ibang aspeto ng buhay
- mga batayang panuntunan sa pangangalaga at pagsulong ng ginhawa sa panahon ng pandemya

**Maaaring magsumite hanggang Mayo 16, 2021
sa link na ito:**

bit.ly/GinhawaConferencePanawaganSaAbstrak

*Ang mga matatanggap na papel ay magkakaroon ng pagkakataong
mailathala sa isang special issue ng Diwa E-journal.*



Para sa patuloy na pagpapalaganap at pagtataguyod ng **SIKOLOHIYANG PILIPINO**,

Secretariat

Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino
(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)

PRC CPD Accreditation Number: **2018-029**

Adres ng Opisina: **4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon**

Araw at Oras ng Opisina: **Lunes - Biyernes; 10:00 n.u. - 7:00 n.g.**

Website: <http://www.pssp.org.ph/>

E-mail: sekretaryat@pssp.org.ph; pssp-online@gmail.com

Facebook Page: <https://www.facebook.com/sulongpssp>

Facebook Group: <https://www.facebook.com/groups/pssp-online/>

Online Membership Form: <http://bit.ly/pssp-membership-form>

Telefax: **(02) 7255-7483**

Mobile: **(0922) 875-1440; (0916) 211-4973**

Listahan ng mga Kasapi: <http://www.pssp.org.ph/pamunuan-at-kasapian/mga-kasapi/>

